




- Sabay Nating Abutin ang Kinabukasan – Matuto ng Reliable Skills sa International Takumi Academy
- Protektahan ang “Buhay” ~Emergency Go-Bag/Evacuation Bag Edition~

Gifu Prefectural International Takumi Academy (Minokamo City)

Tingnan natin ang Graduation Research ng Production Technology Department (Robot Programming)



(Public Foundation) GIFU INTERNATIONAL CENTER (GIC)

Inilabas noong November 1, 2025 (3 beses sa isang taon: July, November, at February)

Sabay Nating Buuin ang Kinabukasan : Pag-aralan ang Maaasahang Kasanayan sa International Takumi Academy

Ano ba ang Gifu Prefectural International Takumi Academy??

Ang Gifu Prefectural International Takumi Academy, a.k.a. Takumi Academy, ay isang vocational training school na itinatag at pinapatakbo ng Gifu Prefecture.

Nahahati ito sa dalawang paaralan na tumutulong sa pag-develop ng mga manggagawa para sa mga industriya sa Gifu, na nag-aalok ng kabuuang limang kurso."


Short-Term College for Vocational Skills Development

Vocational Skills Development School

- Production Technology Department (2 years)
- Architecture Department (2 years)
- Equipment Systems Department (1 year)
- Housing Architecture Department (1 year)
- Automotive Engineering Department (2 years)

Maraming estudyante ang naaakit sa Takumi Academy at pumapasok dito dahil sa maliit na bilang ng estudyante sa bawat klase, kumpletong pasilidad, at personalized learning, pati na rin sa abot kayang tuition fees.

Sa Production Technology Department ng Takumi Academy, hindi lang mga Japanese students ang nag-aaral dito kundi may mga international students rin. Sa kasalukuyan, sa Production Technology Department, araw-araw nag-susumikap mag aral ang mga international students upang maging skilled manufacturing engineers sa larangan ng paggawa.



Gifu Prefectural International Takumi Academy (Campus)

Student Interviews

Yomashi

(2nd Year, Sri Lanka, 21 years old)



Dumating ako sa Japan noong April 2022 at nag-aral ng Japanese sa loob ng dalawang taon sa isang Japanese language school sa Gifu City. Nalaman ko ang tungkol sa Takumi Academy nung bumisita ako sa kanilang open campus visit. Dahil nag-aral ako ng mathematics at physics sa high school, naisip kong tugma ang mga kurso dito sa aking mga kagustuhan kaya nagpasya akong mag-enroll.

Dahil nais kong magtrabaho sa Japan balang araw, napagtanto ko na ang pag-aaral kasabay ng mga kaklase kong Hapon ay isang napakahalagang karanasan. Pinasasalamat ko rin ang saganang tulong mula sa mga guro, kaya naging mas natuwa ako sa desisyon kong pumasok dito. Nang dumating ako sa Japan, hindi ako marunong magsalita ng Japanese at hirap maghanap ng part-time job.

Ngayon, kaya ko nang pagsabayin ang pag-aaral at trabaho sa convenience store.

Sa Marso ng susunod na taon ang graduation ko. Nagkaroon ako ng internship sa isang kumpanya sa Gifu Prefecture at nakatanggap na ng job offer mula sa isang local company. Inaasahan kong magagamit ko ang aking natutunan sa Takumi Academy upang magkaroon ng career sa metal polishing at design.

Yudai Funado

(2nd Year, Japan, 19years old)



Una kong nalaman ang tungkol sa Takumi Academy mula sa aking high school na guro noong hindi pa ako sigurado sa aking kinabukasan.

Noong una, nahirapan akong makipag-ugnayan sa mga kaklase ko dahil marami ang mga international students na magkakaiba ang edad, ang ilan ay higit sampung taon ang agwat sa akin. Gayunpaman, nang nakipag-usap ako sa kanila, labis akong humanga sa taas ng kanilang kasanayan sa wikang Hapon, at naging maayos ang aming komunikasyon.

Ngayon, lubos kong naiintindihan kung gaano kasipag ang mga national students na ito habang malayo sa kanilang bansa sa Japan. Marami sa kanila ang pinaghahandaan nang mabuti ang kanilang kinabukasan, at ito ay nagbigay-inspirasyon din sa akin na mas maging interesado sa pag-aaral tungkol sa ibang bansa.

Nakatanggap ako ng job offer mula sa isang kumpanyang may maraming Vietnamese technical interns. Dahil sa karanasan ko sa pag-aaral kasama ang mga kaklase mula sa iba't ibang bansa, nagkaroon ako ng kumpiyansa na makipagtulungan sa mga tao mula sa ibang bansa. Naniniwala ako na ang pagkakaroon hindi lamang ng teknikal na kasanayan kundi pati na rin ng matibay na kakayahan sa komunikasyon ay isa sa pinakamalaking achievements ko sa Takumi Academy.

Tonmoy

(1st Year, Bangladesh, 23years old)



Bago ako pumunta sa Japan, nag-aral ako ng wikang Hapon sa loob ng walong buwan at nakapasa sa JLPT N5. Dumating ako noong Oktubre 2023 at nag-aral ako ng isa't kalahating taon sa isang Japanese language school sa Nagoya, kung saan nakapasa ako sa JLPT N3. Pagkatapos, nag-enroll ako sa Takumi Academy noong Abril ng taong ito at nakapasa na rin ako sa JLPT N2.

Una kong narinig ang tungkol sa open campus visit sa Japanese language school ko, kaya naisip kong mag-enroll. Naakit ako sa engineering, sa 100% employment rate nito, at sa pagkakataong patuloy na mapahusay ang aking Japanese skill.

Nakakasundo ko ang aking mga Hapon na kaklase at komportable akong magtanong sa kanila. Mababait din ang mga guro sa Takumi Academy, at lalo akong nagitiwala sa aking homeroom teacher.

Minsan, nahihirapan akong pagsabayin ang part-time job ko sa convenience store at ang aking pag-aaral, at minsan ay nakakaramdam ako ng pressure. Ngunit lubos akong nasisiyahan sa aking pag-aaral at sisikapin kong magpatuloy hanggang sa dulo. Sa hinaharap, umaasa akong makapagtrabaho sa larangan ng CAD o electrical design.

At by the way, mas mainit pa ang Japan kaysa Bangladesh!

Mensahe mula sa Academic Director

Kanya Kato

(Takumi Academy, Academic Director and Head of the Production Technology Department)



Maraming international students, pati mula sa labas ng Tokai region, ang interesado sa open campus visit ng Takumi Academy. Pagdating sa trabaho, binibigyan namin ng pansin ang tamang pag-match ng estudyante sa kumpanya sa panahon ng internship.

Dahil dito, mahigit 85% ng mga estudyante ay natatanggap sa kumpanyang pinag-intern-an nila. Kaya naman nakamit namin ang 100% employment rate, at halos lahat ay nagtatrabaho sa Gifu Prefecture (may 70% three-year retention rate).

Dahil sa pagbaba ng bilang ng kabataan, nakatuon kami sa pagsasanay ng mga international students bilang skilled engineers at pagpapalawak ng kanilang mga oportunidad. Marami sa kanila ang lubos na may motivation at gustong gamitin ang natutunan nila sa Japan sa kanilang trabaho.

Pinahahalagahan namin ang pagtuturo ng practical skills kasama ang technical at professional knowledge upang magamit agad ito sa workplace.

Inaasahan namin na mas marami pang skilled professionals ang makakatulong sa manufacturing sa Gifu. Kung interesado ka sa mundo ng manufacturing, inaanyayahan ka naming bumisita sa aming campus visit.



Mechatronics practical training ng Production Technology Department

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Gifu Prefectural International Takumi Academy, bisitahan ang aming official website at Instagram.



Website



Instagram

@TAKUMI_ACADEMY

Nagsagawa ang Takumi Academy ng support course para sa mga international students.

Nagsagawa ang Gifu International Center ng isang support program para sa international students. Bilang bahagi ng kanilang mga hakbang para tulungan ang mga foreign residents na mas maging maayos ang pamumuhay sa Japan, nag-organize ang Gifu International Center ng isang life-planning at employment support seminar para sa mga estudyante ng Gifu Prefectural International Takumi Academy.

Maraming tanong ang mga dumalo tungkol sa social security system sa Japan at sa tamang attitude sa trabaho, na nagpapakita ng kanilang mataas na interes sa mga paksaang ito.



Protektahan ang “Buhay”

Tungkol sa Emergency Go-Bag/Evacuation Bag

Kapag nagkaroon ng sakuna, kailangan nating lumikas sa isang ligtas na lugar. Bago pa mangyari ang sakuna, ilagay na natin sa isang backpack ang mga bagay na dadalhin, upang madali itong makuha agad-agad.

Emergency Go-Bag: Mga Kailangang Dalhin sa Paglikas!

- | | | | | |
|--|--|---|---|---|
| ☐ Tubig | ☐ Pagkain (para sa 3 araw) | ☐ Helmet pang-proteksyon | ☐ Damit, underwear | |
| ☐ Raincoat | ☐ Sapatos na walang sintas | ☐ Gloves | ☐ Flashlight | ☐ Portable radio |
| ☐ Ekstrang baterya/battery pack | ☐ Lighter/kandila | ☐ Tuwalya | | |
| ☐ Gamit sa paglilinis (wash kit) | ☐ Toothbrush/toothpaste | ☐ Sabon/hand soap | | |
| ☐ Wet wipes | ☐ Mask | ☐ Hand sanitizer | | |
| ☐ First Aid Kit (Band-aid, bandage, disinfectant, gamot, atbp.) | ☐ Thermometer | | | |
| ☐ Kumot | ☐ Disposable warmer (Kairo) | ☐ Ballpen at notebook | | |

Huwag kalimutang dalhin kapag may sakuna!!

- ☐ Mga mahahalagang bagay (pera, bank passbook, residence card, passport, driver's license, health insurance card, hospital ID, medicine notebook, My Number card, at iba pa)

Paghanda Para sa Pamilyang may Kasamang Bata

- | | | |
|--|--|---|
| ☐ Milk (cube type) | ☐ Disposable feeding bottle | ☐ Baby food (solid food) |
| ☐ Portable cutlery (spoon, fork, atbp.) | ☐ Disposable diapers | |
| ☐ Wet wipes para sa puwet | ☐ Portable bidet | ☐ Neck light |
| ☐ Baby carrier | ☐ Sapatos ng bata | |

Paghanda Para sa Kababaihan

- | | | |
|--|--|--|
| ☐ Sanitary napkins/pads | ☐ Panty liners | ☐ Sanitary shorts |
| ☐ Plastic bag na hindi kita ang laman(yung may kulay) | ☐ Personal safety alarm/whistle | |

Paghanda Para sa Pamilyang may Kasamang Nakatatanda

- | | | |
|--|--|---|
| ☐ Adult diapers/pants | ☐ Tungkod | ☐ Hearing aid |
| ☐ Nursing care food | ☐ Pustiso at panlinis | ☐ Absorbent pad |
| ☐ Intimate wash | ☐ Gamot na iniinom mo araw-araw | ☐ Kopya ng Medicine Notebook |

Mga dapat laging handa sa bahay (ihanda rin ito bukod sa go-bag)

- ☐ Pagkain at tubig (para sa 1 linggo kung puwede, long shelf-life)
- ☐ Daily essentials (tissue, toilet paper, cling wrap, plastic bag, polytank, portable toilet, etc.)

Ginawa base sa disaster ‘preparedness’ checklist sa website ng Prime Minister’s Office.

<https://www.kantei.go.jp/jp/headline/bousai/sonae.html>

**Nagpo-post ng disaster information ang
International Center sa Facebook.
Huwag kalimutang i-follow kami!**



Japanese



Filipino

Kwento sa Panahon na taglamig

Nagsisimula na tayong makadama ng lamig.

Kaya naman, tinanong namin ang mga Coordinators for International Relations (CIRs) tungkol sa kanilang 'Mga Kwento sa Malamig na Panahon,' kabilang na ang mga bagay at paraan ng pamumuhay na natatangi sa kani-kanilang bansa tuwing taglagas at taglamig.



CIR Zeng (China) 🇨🇳

Dumating na ang taglagas, at lumalamig na ang panahon. Sa aking bayan, Foshan, Guangdong Province, China, idinadaos taon-taon ang isang Lantern Festival na tinatawag na "Qiusè" tuwing

Nobyembre upang ipagdiwang ang mga ani ng taglagas. Sa pagdiriwang, may makukulay na parol at umiikot na festibal floats, na nagpapailaw sa gabi. Noong nakaraang taon, bumili ako at ang aking mga kaibigan ng "Rabbit Lantern" at "Goldfish Lantern" naglibot kami sa gabi habang nag-e-enjoy sa masiglang atmosphere ng Qiusè. Ngayong taon, umaasa akong makasama ang lahat ng bago kong kaibigan dito sa Gifu upang maranasan ang taglagas ng Gifu at makagawa ng masasayang alaala!



CIR Rafael (United Kingdom) 🇬🇧

Ang aking bayan na Portishead, ay isang bayan na pinagmulan din ng pangalan ng isang sikat na banda. Mula sa huling bahagi ng Nobyembre hanggang unang bahagi ng Enero, nagliliwanag ang kalye sa makukulay na ilaw ng Christmas lights. Noong bata pa ako, habang naghihintay ako ng bus sa madilim na umaga ng taglamig, ang liwanag ng mga ilaw ay nagbigay-ginhawa at saya sa mahabang, malamig na panahon. Sa taong ito, plano kong maglagay ng Christmas lights sa bahay para ma-recreate ang mainit na damdaming iyon.



CIR Hien (Vietnam) 🇻🇳

Kung pag-uusapan ang mga winter essentials, walang tatalo sa init ng piling ng mga mahal mo sa buhay. Kahit sobrang malamig mas madaling harapin to kapag kasama mo ang pamilya o mga kaibigan. Para sa mga single, ito

ang panahon na mapapasabi ka ng "Gusto kong magka jowa!" Kaya naman, walang mas masarap pa kaysa umupo sa paligid ng kumukulong hot pot kasama ang mga kaibigan.

Sa gabi, nagkukulong ako sa ilalim ng kumot, at tahimik akong nagpapasalamat sa heater lamp sa banyo. Sa motor, guwantes ang must, at sa tag-ulan, hindi ako aalis ng bahay nang walang makapal na coat. Kapag nakakaramdam ako ng konting lungkot, sabihan ko lang ang kaibigan ko ng, "Hot pot tayo!" Tapos sasakay ako sa likod ng motor nila na nakakapit ng mahigpit habang umiikot kami sa West Lake ng Hanoi. Hindi magtatagal, ang lamig ay mapapalitan ng tawanan, at ang taglamig ay magiging mainit at masaya bigla.



CIR Gustavo (Brazil) 🇧🇷

Para sa mga Brazilian na umiinom ng hot coffee sa anumang panahon, mas bagay pa rin ito sa taglamig, lalo na kapag sinamahan ng bagong lutong cheese bread (Pão de queijo) sa umaga. Karamihan sa Brazil ay nakakaranas ng "mild winter," kumpara dito sa Gifu na may snow! Noong una, nahirapan akong masanay sa pagkakaiba nito.

Bukod pa rito, dahil nasa Southern Hemisphere ang Brazil, lalo itong umiinit mula Oktubre at papunta ng summer. Habang dito sa Japan ay hindi mo na maiiwan ang coat at sumbrero, ang aking pamilya at mga kaibigan ay nag-e-enjoy sa summer na nakasuot ng short sleeves. Kapag naiisip ko iyon, medyo naiinggit ako.

Ano ang CIR...

Ang CIR (Coordinator for International Relations) ay tumutulong sa local government bilang interpreter at translator, ipinapadala sa schools, at nag-oorganize ng language classes, cultural understanding lectures, at exchange events.

[Sumali bilang Supporter]

Tumatanggap kami ng mga indibidwal at grupo na gustong tumulong sa aming mga gawain.

Annual fee 3000 yen para sa indibidwal
5000 yen para sa grupo

Para sa karagdagang detalye, kontakin lang ang Gifu International Center

GIC Membership Benefits Makakatanggap ka ng magazine (Sekai wa Hitotsu) at may discount sa mga event.

Consultation para sa mga Foreign Residents sa Gifu

Tumatanggap ang Gifu International Center ng konsultasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa Tax, Housing, Education, Welfare (tulong mula sa gobyerno). Pwede kang kumonsulta sa 15+ languages.

Para sa Mga dayuhang naninirahan sa Gifu Prefecture

Konsultasyon sa telepono Available sa higit 15 wika

Face-to-face na konsultasyon English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese

TEL: 058-263-8066 Office hours: 9:30 AM – 4:30 PM (Monday to Friday)

Publisher & Editor

Gifu International Center (GIC), Public Interest Incorporated Foundation

〒500-8875 Gifu-shi Yanagase-dori 1-12 Gifu Chunichi Biru 2-kai

TEL: 058-214-7700 FAX: 058-263-8067

E-mail: gic@gic.or.jp Website: <https://www.gic.or.jp>

Opening Hours: 9:30 AM hanggang 6:00 PM (Sunday to Friday)

Closed: Sabado, holidays, at year-end/New Year holidays

Available Languages: English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese, at iba pa

